

Notisya Ukol sa Sistema ng Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral (Espesyal na Pagsisiyasat)

Para sa mga Sambahayang Naapektuhan ang Pinansyal na Kalagayan Dulot ng COVID-19

Sa ilalim ng Sistema ng Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral, karaniwang ginagamit ang kita (income) noong nakaraang taon (Enero 1, 2019 – Disyembre 31, 2019) para sa pagsisiyasat ng aplikasyon. Gayunpaman, sa ngayon ay gagamitin sa pagsisiyasat ang huling nakalipas na kita para sa mga sambahayang naapektuhan ang pinansyal na kalagayan nang dahil sa COVID-19 (Espesyal na Pagsisiyasat).

Para sa mga taong gustong makinabang sa Espesyal na Pagsisiyasat, mangyaring basahin ang notisyang ito at isumite ang “Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral sa Taong 2020” kasama ang mga kinakailangang dokumento sa paaralang pinapasukan ng inyong anak.

Bukod dito, hindi kailangang agad magsumite ulit ng aplikasyon ang mga taong nakapagsumite na ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral sa Taong 2020. Para sa mga nagsumite ng aplikasyon noong Abril, ipapaalam ng paaralan ang resulta ng pagsisiyasat sa huling kalahati ng buwan ng Hulyo.

1. Sino ang maaaring makinabang sa tulong na ito?

(A) Mga taong hindi pa nagsumite ng aplikasyon para sa Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral sa Taong 2020, at mga taong natutupad ang mga kondisyong kinakailangan para sa karaniwang Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral.

- (1) Mga taong hindi na muling nakatanggap ng tulong pinansyal pampubliko mula Abril 2019 (Maliban sa pagtigil ng tulong pinansyal nang dahil sa pagbabago sa sambahayan)
- (2) Mga taong tumatanggap ng Panustos para sa Pagpapalaki ng Bata
- (3) Mga taong dumaranas ng iba pang pinansyal na paghihirap
(Mga taong mas mababa ang kabuuang kita (Taxable Income) ng sambahayan noong nakaraang taon kaysa sa nakasulat na limitasyon sa ibaba)

Bilang ng tao sa sambahayan	2	3	4	5	6	7	8
Kabuuang kita (Total receipts) (Humigit-kumulang)	3,800,000 yen	4,460,000 yen	4,970,000 yen	5,620,000 yen	6,200,000 yen	6,890,000 yen	7,420,000 yen
Kabuuang kitang babayaran ng buwis (Taxable Income)	2,500,000 yen	3,030,000 yen	3,440,000 yen	3,960,000 yen	4,420,000 yen	5,000,000 yen	5,480,000 yen

*Mangyaring basahin ang mga detalye sa “Notisya Ukol sa Sistema ng Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral (Taon 2020)” na ipinadala ng paaralan noong Abril 2020.

*Ang kabuuang kita na babayaran ng buwis (Taxable Income) ay ang halagang nakalagay sa “Kabuuang Kita” sa Tax (Tax Exemption) Certificate. Sa Tax Withholding Slip, nakalagay ito sa hanay ng “Halaga Matapos ang Pag-bawas sa Kita”. Sa Final Tax Return, ito naman ang halagang nakalagay sa hanay ng “kabuuan” sa “Taxable Income.”

*Para sa mga sambahayang nag-iisa ang magulang, hindi ang ama o ina ang nagpapalaki sa bata, mga sambahayang may kapansanan (mga taong may Disability Recordbook, Special Education Recordbook (Aino Techou), atbp.), mga sambahayang mayroong bata o estudyanteng kasalukuyang nasa indibidwal na special needs class, sambahayang may tax deduction para sa bayaring medikal, at mga sambahayan kung saan mahigit sa isang tao ang may kita, maaaring maaprubahan kahit na lumampas sa limitasyon dahil magkakaroon ng fixed deduction mula sa taxable income.

➡ Pumunta sa “4. Paraan ng Pagsumite ng Aplikasyon”

(B) Espesyal na Pagsisiyasat

Kung ang Espesyal na Pagsisiyasat ay hindi naakma sa iyo (B) ngunit inaasahan na ang kabuuang taxable income ng buong sambahayan sa taong 2020 ay bababa sa limitasyong nakasulat sa itaas

➡ Dumiretso sa “2. Kinakailangang Dokumento”

2. Kinakailangang Dokumento

Ilakip ang mga sumusunod na dokumento sa “Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral sa Taong 2020”.

(1) [Tulong Pinansyal para sa Pag-aaral sa Taong 2020] Petisyon para sa Espesyal na Pagsisiyasat Dulot ng COVID-19 [Kailangan]

(2) Dokumentong nagpapatunay ng kita (income) (para sa mga sambahayang naapektuhan ang pinansyal na kalagayan, ilagay ang bagong kita matapos maapektuhan) [Kailangan]

[Halimbawa] Para sa mga sumusuweldo: pinakabagong payslip (sa loob ng 3 buwan o higit pa), patunay ng inaasahang suweldong gawa ng kumpanya (matapos maapektuhan ang pinansyal na katayuan ng pamilya), tax withholding slip (noong nawalan ng trabaho)

Para sa mga may sariling negosyo: Katibayang gawa ng certified tax accountant o certified public accountant

*Ilakip ang dokumento ng lahat ng taong mayroong kita.

*Hindi kasama ang severance pay/retirement allowance at unemployment allowance sa halaga ng inaasahang kita.

(3) Dokumento para sa pagtiyak sa dependent na may edad na 18 taong gulang pataas at miyembro ng sambahayan (kung sila ay sinusuportahan) [Kung naakma ito]

Halimbawa: Kopya ng health insurance card ng dependent, tax certificate kung saan makikita na siya ay dependent.

(4) Dokumentong nagpapatunay ng tinatanggap na halaga ng pensyon [Kung naakma ito]

Halimbawa: Dokumento kung saan makikita ang pangalan at halagang natanggap tulad ng Notisya ng Pag-deposit sa Pensyon, Notisya ng Pagrebisa sa Halaga ng Pensyon, Pension Certificate, atbp. (tinatanggap ang kopya)

*Kailangan din ang dokumento kahit na ito ay pensyon para sa matatanda, pensyon para sa naiwang pamilya ng namatay, o pensyon para sa may kapansanan.

3. Kung hindi makakapaghandang ng kinakailangang dokumento

Kung hindi makakapaghandang ng kinakailangang dokumento, ilakip ang kopya atbp. ng tax withholding slip o final tax return para sa taong 2020 (kasama ang certificate para sa mga nakatanggap ng pensyon para sa may kapansanan o naiwang pamilya ng namatay) at magsumite ng iyong aplikasyon sa pagitan ng Enero hanggang katapusan ng Pebrero 2021. Kung ang halaga ng iyong kita ay mas mababa sa batayang limitasyon, **aaprubahan at babayaran ito batay sa nakaraang Abril**, maliban na lang kung nagkaroon ng pagbabago sa komposisyon ng sambahayan tulad ng diborsyo o kamatayan.

4. Paraan ng Aplikasyon

- Isusumiteng dokumento: (1) Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral sa Taong 2020
(2) Kahilingan para sa Pagdeposito sa Iyong Bank Account
(3) Kinakailangang Dokumento ((B) Kung gagamitin ang Espesyal na Pagsisiyasat)

*Ipinamigay ng paaralan ang (1) at (2) noong Abril 2020.
Kung wala kayo nito, makipag-ugnayan sa paaralan.
- Saan isusumite ang aplikasyon: sa pinapasukang paaralan ng inyong anak (Tagapamahala: empleyado sa administrasyon ng bawat paaralan)
- Panahon ng Pag-sumite: Hulyo 2020 - huling araw ng Pebrero 2021
- Panahon ng Pagbayad: mula Oktubre 2020 (Hindi maiiba ang matatanggap na halaga, ngunit maaaring matagalan ang pagtanggap ng bayad ayon sa panahon na nagsumite ng aplikasyon).

5. Paunawa

- (1) Tax-exempted ang Special Cash Payment ayon sa batas kaya hindi ito kasama sa kalkulasyon ng kabuuang taxable income na batayan sa pag-apruba ng Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral.
- (2) Para sa mga taong nag-apply para sa Karaniwang Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral at hindi naaprubahan, maaaring mag-apply ulit para sa “Espesyal na Pagsisiyasat” o para sa kabuuang taxable income ng 2020 mula sa Enero hanggang katapusan ng Pebrero, 2021. Isusumite ang aplikasyon sa paaralan.
- (3) Mangyaring makipag-ugnayan sa ibaba kung mayroon kayong mga katanungan o mga bagay na hindi lubos maintindihan.

Ugnayan

Tagapangasiwa ng Pagpasok sa Paaralan
Seksyon ng Suporta sa Paaralan at Kooperasyon sa Rehiyon
Opisina ng Komite ng Edukasyon ng Lungsod ng Yokohama
(*Wikang Hapon lamang)
TELEPONO:045-671-3270
FAX:045-681-1414
EMAIL:ky-shuugaku@city.yokohama.jp

[Tulong Pinansyal sa Pagpapaaral sa Taong 2020]
Petisyon para sa Espesyal na Pagsisiyasat dahil sa Epekto ng COVID-19
< Kung Paano Punan ang Porma ng Aplikasyon >
***Sample lamang ito, at hindi puwedeng gamitin sa pag-aaplay.**

Paaralan ng _____

Bata o Estudyanteng Nagsusumite ng Aplikasyon

Baitang:	Klase:
Pangalan:	

Ilalaking ang mga kinakailangang dokumento upang mag-apply para sa Espesyal na Pagsisiyasat.

○ Isulat ang lahat ng miyembro ng pamilyang may edad **18 taong gulang pataas** (kasama ang nagsusumite ng aplikasyon).

	Pangalan	Kalaking na dokumento (Maaaring lagyan ng check ang lahat ng naaangkop)
1		<input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay ng kita (para sa mga taong biglang naapektuhan ang kalagayang pinansyal, ilagay ang kita matapos maaapektuhan) <input type="checkbox"/> Dokumentong nauugnay sa dependent <input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay sa tinatanggap na pensyon
2		<input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay ng kita (para sa mga taong biglang naapektuhan ang kalagayang pinansyal, ilagay ang kita matapos maaapektuhan) <input type="checkbox"/> Dokumentong nauugnay sa dependent <input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay sa tinatanggap na pensyon
3		<input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay ng kita (para sa mga taong biglang naapektuhan ang kalagayang pinansyal, ilagay ang kita matapos maaapektuhan) <input type="checkbox"/> Dokumentong nauugnay sa dependent <input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay sa tinatanggap na pensyon
4		<input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay ng kita (para sa mga taong biglang naapektuhan ang kalagayang pinansyal, ilagay ang kita matapos maaapektuhan) <input type="checkbox"/> Dokumentong nauugnay sa dependent <input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay sa tinatanggap na pensyon
5		<input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay ng kita (para sa mga taong biglang naapektuhan ang kalagayang pinansyal, ilagay ang kita matapos maaapektuhan) <input type="checkbox"/> Dokumentong nauugnay sa dependent <input type="checkbox"/> Dokumentong nagpapatunay sa tinatanggap na pensyon

*Siguraduhing maglagay ng para sa bawat tao.

○ Isulat ang sitwasyong pinansyal ng pamilya na naapektuhan ng COVID-19 (nabawasan ang kita, nawalan ng trabaho, atbp.)

*Mag-ingat dahil kung matuklasan na may nangyaring pandaraya sa deklarasyon, maaaring ipabalik ang natanggap na tulong pinansyal.